# TASK FORCE PARA SA MULING PAGDIDISTRITO
# LUNGSOD AT COUNTY NG SAN FRANCISCO
# MGA PINAG-USAPAN O MINUTES

**Isinagawa sa pamamagitan ng Videoconference**
*(Nagkaloob ng pamamaraan para makasali mula sa malayong lugar sa pamamagitan ng teleconference)*
[www.sfgovtv.org](www.sfgovtv.org)

## Nobyembre 17, 2021 – 6:00 PM

## Regular na Pulong

**Mga Miyembro:** Jeremy Lee, Jose Maria (Chema) Hernández Gil, J. Michelle Pierce, Matthew Castillon, Arnold Townsend, Lily Ho, Raynell Cooper, Chasel Lee, Ditka Reiner

**1. Pagtawag ng Atensiyon ng Lahat Para sa Pag-uumpisa ng Pulong at Pagtawag ng mga Pangalan upang Maipahayag ang Pagdalo**

*Nagpulong ang Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa regular na sesyon sa pamamagitan ng videoconferencing, at nagkaloob ng mga pampublikong komento sa pamamagitan ng teleconferencing, noong Miyerkoles, Nobyembre 17, 2021. Ipinahayag ni Pangalawang Tagapangulo Ditka Reiner ang pagsisimula ng pulong nang 6:04 p.m.*

*Sa pagtawag sa pangalan ng mga kasama sa pulong, naitala na nasa pulong sina Miyembro Jeremy Lee, Miyembro Hernández Gil, Miyembro Pierce, Miyembro Castillon, Miyembro Ho, Miyembro Cooper, Miyembro Chasel Lee, at Miyembro Reiner. Naitala na wala sa pulong si Miyembro Townsend. May quorum o sapat na bilang ng mga nagsidalo ang pulong.*

**2. Pag-apruba sa mga Napag-usapan o Minutes noong Nobyembre 1, 2021, na Regular na Pulong**

*Tinanong ni Pangalawang Tagapangulo Reiner kung may mga gustong itama ang sinumang Miyembro sa mga Napag-usapan noong Nobyembre 1, 2021, na Regular na Pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito. Walang dapat itama.*

*Mga Tagapagsalita: Wala.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, na sinegundahan naman ni Miyembro Jeremy Lee, na APRUBAHAN ang mga Napag-usapan noong Nobyembre 1, 2021, sa Regular na Pulong. Ipinasa ang mosyon sa pamamagitan ng sumusunod na pagboto:**

**Mga Pag-oo: 8**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**Lumiban: 1**
**Townsend**

**May Pahintulot na Huwag Dumalo si Miyembro Townsend**

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, na sinegundahan ni Miyembro Pierce na pahintulutan ang pagliban ni Miyembro Townsend sa pagdalo ng pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito noong Nobyembre 17, 2021, hanggang sa dumating ito. Ipinasa ang mosyon sa pamamagitan ng sumusunod na pagboto:**

**Mga Pag-oo: 8**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**
**May Pahintulot ang Pagiban: 1**
**Townsend**

Hiniling ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na iharap nang magkakasama ang mga Pag-uusapan (Agenda Item) Blg. 3 at 4.

Naitalang nasa pulong na si Miyembro Townsend nang 6:28 p.m.

**3. Iskedyul ng mga Gawain o Timeline/Kalendaryo ng mga Gawain at Tungkuling Dapat Makompleto**

*Nagharap si Angelo Calvillo, Klerk ng Board (Board of Supervisors o Lupon ng mga Superbisor), ng maiksing pananalita ukol sa iskedyul ng pulong, kasama na ang mga serbisyong may kaugnayan sa remote (sa pamamagitan ng internet) at harap-harapang mga pulong ng Task Force at ang mga serbisyong cablecast na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng SFGovTV; Andrew Shen (Office of the City Attorney o Opisina ng Abugado ng Lungsod); sinagot ang mga tanong kaugnay ng iskedyul ng mga gawain at kalendaryo ng mga gawain at tungkuling dapat makompleto ng Task Force; at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: David Elliot Lewis (Tenderloin People's Congress o Kongreso ng mga Mamamayan ng Tenderloin); Michael Nulty (Alliance for a Better District Six o Alyansa para sa Mas Magandang Distrito Sais); Simon Timony (Advocates Eleven o Mga Nag-aadbokasiyang Labing-isa); David Pilpel; Richard Rothman; at Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco o Liga ng Kababaihang Botante ng San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

**4. Iskedyul ng Pulong**

*Nagharap si Angelo Calvillo, Klerk ng Board (Board of Supervisors), ng maiksing pananalita ukol sa iskedyul ng pulong, kasama na ang mga serbisyong may kaugnayan sa remote (sa pamamagitan ng internet) at harap-harapang mga pulong ng Task Force at ang mga serbisyong cablecast na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng SFGovTV; Andrew Shen (Office of the City Attorney); sinagot ang mga tanong kaugnay ng iskedyul ng mga gawain at kalendaryo ng mga gawain at tungkuling dapat makompleto ng Task Force; at sinagot ang mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Mga Tagapagsalita: David Elliot Lewis (Tenderloin People's Congress); Michael Nulty (Alliance for a Better District); Simon Timony (Advocates Eleven); David Pilpel; Richard Rothman; and Jenny Tse (League of Women Voters San Francisco); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Chasel Lee, na sinegundahan ni Miyembro Pierce, na pagtibayin ang pagbabago sa iskedyul ng regular na pulong, at nang sa gayon, maisagawa ang mga regular na pulong sa ikalawang Miyerkoles ng bawat buwan, sa halip na sa ikatlong Miyerkoles; na mabigyan ng bagong iskedyul ang mga regular at espesyal na pulong na nakatakdang magsimula nang 6:00 p.m. tungo sa bagong pagsisimula na 5:30 p.m.; at na pagtibayin ang kalendaryo ng espesyal at muling iniskedyul na mga pulong at nang mapagtibay ang kabuuang kalendaryo ng mga pulong sa hinaharap upang maging:**

> **Lunes, Disyembre 6, 2021, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Miyerkoles, Disyembre 8, 2021, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Biyernes, Disyembre 10, 2021, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Lunes, Enero 3, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Biyernes, Enero 7, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Miyerkules, Enero 12, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Biyernes, Enero 14, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Sabado, Enero 22, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 10:00 a.m.;**
> **Sabado, Enero 29, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 10:00 a.m.;**
> **Biyernes, Pebrero 4, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Lunes, Pebrero 7, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Miyerkules, Pebrero 09, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Biyernes, Pebrero 18, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Sabado, Pebrero 26, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 10:00 a.m.;**
> **Biyernes, Marso 4, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Sabado, Marso 5, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 10:00 a.m.;**
> **Lunes, Marso 7, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Miyerkules, Marso 9, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Biyernes, Marso 25, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Lunes, Abril 4, 2022, regular na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.;**
> **Miyerkules, Abril 06, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 10:00 a.m.;**
> **Biyernes, Abril 8, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.;**
> **Lunes, Abril 11, 2022, espesyal na pulong na magsisimula nang 5:30 p.m.; at**
> **Miyerkoles, Abril 13, 2022, muling naiskedyul na pulong na magsisimula nang 3:00 p.m.**

**Ipinasa ang mosyon sa pamamagitan ng sumusunod na pagboto:**

**Mga Pag-oo: 9**
> **Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Townsend, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**5. Bagong Impormasyon Tungkol sa Pagmamapa**

*Iniharap nina Karin Mac Donald at Seth Neill (Mga Konsultant sa Muling Pagdidistrito, Q2 Data and Research) ang software sa pagmamapa na gagamitin sa proseso ng muling pagsasadistrito, at ipinakita nila ang iba't ibang katangian na gagamitin ng interesadong mga miyembro ng publiko kapag lumilikha at nagsusumite ng mungkahing mga mapa ng distrito.*

*Mga Tagapagsalita: David Elliot Lewis (Tenderloin People's Congress); David Pilpel; Edward Wright; Michael Nulty (Alliance for a Better District Six); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usapin sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

Naitalang wala sa pulong si Miyembro Townsend nang 8:19 p.m.

**6. Mga Pag-amyenda sa mga Tuntunin ng Task Force**

*Binago ang teksto ng burador ng mga tuntunin o draft bylaws at nang maisama ang naamyendahan nang petsa ng regular na pulong ayon sa pagkakapasa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa mga pinag-usapang bagay o item 4.*

*Gus Guibert (Office of the City Attorney); sinagot ang mga tanong na iniharap sa diskusyon ng anyo ng borador ng mga iminumungkahing tuntunin.*

*Tagapagsalita: David Pilpel; nagsalita tungkol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng anyo ng borador ng mga iminumungkahing tuntunin.*

**Gumawa ng mosyon si Miyembro Pierce, na sinegundahan ni Miyembro Jeremy Lee, na amyendahan ang mga Tuntunin ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito na nasa Artukulo 1, Seksiyon 2, upang maipasok ang sumusunod: "Ang mga operasyon ng Task Force ay pinamamahalaan ng California Public Records Act o Batas ukol sa mga Pampublikong Rekord (Cal. Govt. Code o Kodigo ng Gobyerno ng California §§ 6250 at ang mga sumusunod, ang Ralph M. Brown Act o Batas Ralph M. Brown (Cal. Govt. Code §§ 54950 at ang mga sumusunod) – at ang San Francisco Sunshine Ordinance o Ordinansang Sunshine (Admin. Code o Batas Administratibo Tsapter 67) ayon sa naaangkop;' at upang magdagdag ng bagong Artikulo VIII COMMUNICATIONS (MGA PAKIKIPAGKOMUNIKASYON) upang maisaad ito ayon sa sumusunod: 'Seksiyon 1. Pakikipagkomunikasyon mula sa Labas ng Task Force ¶ Ang mga miyembrong makatatanggap ng pakikipagkomunikasyon mula sa labas ng Task Force ukol sa muling pagdidistrito na inaakala ng miyembro na may kaugnayan sa gawain ay dapat ipasa ang mensaheng ito sa Klerk.' Ipinasa ang mosyon sa pamamagitan ng sumusunod na pagboto:**

**Mga Pag-oo: 8**
**Jeremy Lee, Hernández Gil, Pierce, Castillon, Ho, Cooper, Chasel Lee, Reiner**

**Lumiban: 1**

**Townsend**

Naitalang nasa pulong na si Miyembro Townsend nang 8:25 p.m.

## 7. Bagong Impormasyon ukol sa Outreach Plan (Plano para sa Pag-abot sa Nakararami)

*Iniharap ni Angela Calvillo, na Klerk ng Board (Office of the Clerk of the Board), ang mga kasunod na impormasyon magmula noong lumabas ang pinag-usapang bagay sa pulong, at sinagot ang mga iniharap na tanong sa kabuuan ng diskusyon. Nagharap sina Rosie Dilger at Evelyn Torres (Civic Edge Consulting) ng power point na presentasyon ukol sa mungkahing Outreach Plan, kasama na ang Project Team (Pangkat para sa Proyekto), pamamaraan o lapit, stratehiya sa pag-abot sa nakararami, materyales sa pakikipagkomunikasyon, at iskedyul ng mga gawain sa pag-a-outreach.*

*Mga Tagapagsalita: Brittni Chicuata; Curtis Bradford, Chair (Tenderloin Peoples Congress); David Pilpel; Jen Tse (League of Women Voters of San Francisco); Michael Nulty (Alliance for a Better District Six); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usaping hinarap sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

## 8. Badyet ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito

*Iniharap ni Angela Calvillo, na Klerk ng Board (Office of the Clerk of the Board), ang impormasyon tungkol sa badyet kaugnay ng mga operasyon ng Task Force, kasama na ang mga pondong naaangkop para sa Task Force Outreach, mga gastos na sinasalo ng Office of the Clerk of the Board, at mga gastos para sa potensiyal na pulong sa loob ng distrito sa hinaharap; at sumagot ng mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Tagapagsalita: Michael Nulty (Alliance for a Better District Six); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usaping hinarap sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

## 9. Pangkalahatang Pagkomento ng Publiko

*Mga Tagapagsalita: Curtis Bradford, Tagapangulo (Tenderloin Peoples Congress); Tes Welborn; Simon Timony (Advocates Eleven); David Pilpel; Michael Nulty (Alliance for a Better District Six); nagbahagi ng iba't ibang inaalala kaugnay ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

**10. Mga Bagay na Pag-uusapan sa Hinaharap**

*Tinalakay ni Angela Calvillo, Klerk ng Board (Office of the Clerk of the Board) ang ilang bagay na posibleng mapag-usapan sa hinaharap, ayon sa mga sumusunod:*

- *Pinakabagong Impormasyon ukol sa Pagmamamapa mula sa mga Konsultant para sa Q2:*
- *Pinakabagong Impormasyon ukol sa Pag-abot sa Nakararami mula sa Civic Edge Consultants, at;*
- *Iskedyul ng mga Gawain o Timelime/ Kalendaryo ng mga Gawain/Tungkulin na dapat Makompleto*

*Andrew Shen (Office of the City Attorney); sumagot sa mga tanong na iniharap sa kabuuan ng diskusyon.*

*Tagapagsalita: Michael Nulty (Alliance for a Better District Six); nagsalita ukol sa iba't ibang inaalala kaugnay ng usaping hinarap sa pagdinig.*

*Sa pagtatapos ng diskusyon, idineklara ni Pangalawang Tagapangulo Reiner na nadinig na at naipasok na sa mga rekord ang usapin.*

**11. Pagtatapos ng Pulong**

*Dahil wala nang iba pang dapat pag-usapan, natapos ang pulong ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito sa oras na 11:03 p.m.*

*N.B. (Tandaan) Itinakda ng mga Pinag-usapan sa pulong na ito ang lahat ng mga aksiyong isinagawa ng Task Force para sa Muling Pagdidistrito ukol sa mga nakasaad na usapin, pero hindi ito isinagawa ayon sa pagkakasunod-sunod sa talakayan ng mga usapin.*

**INAPRUBAHAN: Disyembre 6, 2021**
**Task Force para sa Muling Pagdidistrito**